


7

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 5: Mga Samahang Pangkababaihan at mga Kalagayang Panlipunan



**Araling Panlipunan – Ikapitong Baitang**

**Alternative Delivery Mode**

**Ikatlong Markahan – Modyul 5: Mga Samahang Pangkababaihan at mga Kalagayang Panlipunan**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Girlie Palmejar Abonita

**Editor:** Jim Paul M. Belgado

**Tagasuri:** Zenon M. Oblan

**Tagaguhit:** Glendale John V. Felizarte, Karl G. Buenafe, Irene Joy B. Pablico

**Tagalapat:** Liezl O. Arosio, Melanie Mae N. Moreno

**Tagapamahala:** Dr. Benjamin D. Paragas

Mariflor B. Musa

Danilo C. Padilla

Freddie Rey R. Ramirez

Cyril C. Serador

Ronald S. Brillantes

Marites L. Arenio

Eva Joyce C. Presto

Rhea Ann A. Navila

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – MIMAROPA Region**

Office Address : Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telefax : (02) 8631-4070; 8637-3039; 8637-3139

Email Address : region4b@deped.gov.ph

# **Araling Panlipunan**

## **Ikatlong Markahan – Modyul 5: Mga Samahang Pangkababaihan at mga Kalagayang Panlipunan**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

### **Halina't simulan natin!**

Nakita ng kababaihan sa Asya ang kahalagahan ng pag-oorganisa upang maisulong ang kanilang interes at marinig ang kanilang mga boses sapagkat minsan na nilang naranasan ang iba't ibang anyo nang pang-aapi at diskriminasyon sa lipunan at sa kanilang pamilya. Mahalaga ang pagkakaroon ng mga kilusang pangkababaihan sapagkat sila ang pangunahing tagapagtaguyod ng mga karapatan ng mga kababaihan. Alamin natin ang ilan sa mga kilusang ito sa ilang mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Ikaw ba ay kasapi ng isang samahan? Sa iyong pananaw, bakit mahalaga ang pagkakaroon ng samahan sa isang lipunan? May mga samahan kayang pangkababaihang naitatag sa Timog at Kanlurang Asya noong ika-6 hanggang ika-20 siglo?

Sa bahaging ito ay lilinangin mo ang iyong mga kaalaman hinggil sa mga samahang pangkababaihan at mga kalagayang panlipunan sa Timog at Kanlurang Asya. At upang ito ay maisakatuparan, malaki ang maitutulong ng mga gawain at mga kalakip na teksto na matatagpuan sa modyul na ito.

Sa pagtatapos ng modyul na ito, inaasahan sa iyo ang sumusunod:

1. Natutukoy ang mga samahang nabuo ng mga kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya;
2. Nailalahad ang mga layunin ng bawat samahan tungo sa pagkamit ng pagkakapantay-pantay para sa mga kababaihan;
3. Naisa-isa ang mga hakbang na ginawa ng mga kababaihan sa Asya upang makamit ang pagkakapantay-pantay;
4. Nabibigyang halaga ang mga naging kontribusyon ng mga samahang kababaihan tungo sa pagkamit ng pantay na karapatan sa lipunan;

Ang pagkamit mo sa mga layuning nabanggit sa itaas ay magiging tulay upang tiyak na matutuhan mo ang sumusunod na pamantayan at kasanayan:

### **PAMANTAYANG PANGNILALAMAN (Content Standard)**


Ang mga mag-aaral ay naipamamalas ang pag-unawa sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYAN SA PAGGAWA (Performance Standard)**

Ang mga mag-aaral ay nakapagsasagawa ng kritikal na pagsusuri sa pagbabago, pag-unlad at pagpapatuloy sa Timog at Kanlurang Asya sa Transisyonal at Makabagong Panahon (ika-16 hanggang ika-20 siglo).

### **PAMANTAYANG PAMPAGKATUTO (Most Essential Learning Competency)**

- Nasusuri ang karanasan at bahaging ginampanan ng mga kababaihan tungo sa pagkakapantay-pantay, pagkakataong pang-ekonomiya at karapatang pampolitika. **(Week 5)**



## Subukin

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Anong taon nagkaroon ng pagkakataon ang mga kababaihan na ipahayag ang mga isyu tungkol sa kanila sa bansang Sri Lanka?
  - A. 1992
  - B. 1993
  - C. 1994
  - D. 1995
  
2. Ano ang mga nagsilbing balakid sa mga kababaihan ng Arab Region upang hindi marinig ang kanilang mga hinaing?
  - A. Naging balakid ang patuloy na digmaan na nagaganap sa pagitan ng Israel at Palestine
  - B. Dahil sa mga pisikal na kakayahan sa isang babae na naglilimita sa kanyang mga kayang gawin
  - C. Nagsilbing balakid rito ang kanilang relihiyon, kultura at mga paniniwala dahil mas angat sa lipunan ang mga kalalakihan
  - D. Dahil karamihan sa mga kababaihan doon ay tanggap na ang kanilang katayuan at ayaw nang makilahok sa mga samahan
  
3. Paano nakamit ng mga kababaihan sa bansang Bangladesh ang kanilang mga karapatang ipinaglaban?
  - A. Ginamit ang ilang mga kabataang biktima ng child marriage upang makamit ang kanilang ipinaglaban
  - B. Hinikayat nila ang mga samahan sa karatig- bansa lalo na sa India na makiisa sa mga kilusan
  - C. Katulad ng LTTE ng Sri Lanka, sila ay naging aktibo sa pakikipaglaban at pakikidigma para sa kanilang karapatan
  - D. Naimpluwensiyahan ng samahan ang kanilang pamahalaan lalo na sa pagpapatupad nito ng mga polisiya kabilang ang pagbabawal ng ilang mga nakagawiang tradisyon
  
4. Alin sa sumusunod na mga karapatan ang ipinaglaban ng mga kababaihan sa bansang India?
  - I. Maternity Leave
  - II. Pantay na sahod
  - III. Mga pasilidad ng *day care*
  - IV. Hiwalay na Palikuran sa mga babae at lalaki
  - A. I, II at III
  - B. I, II, at IV
  - C. I, III, at IV
  - D. I, II, III, IV

5. Sa pamamagitan ng Saligang Batas ng 1973 ng Pakistan, nabigyan ang mga kababaihan ng pantay na karapatan sa pulitika. Alin sa sumusunod ang naging bunga nito?
- Nailunsad ang Arab Women Connect
  - Ginawang legal ang Hindu Marriage Act ng 1955 ang diborsyo
  - Nakapagtatag ng maraming partidong pulitikal para sa mga kababaihan
  - Nahirang ang mga kababaihan sa matataas na posisyon sa pamahalaan
6. Ano ang itinuturing na pinakamalaking samahan ng kababaihan sa bansang Bangladesh na labis na nakaimpluwensiya sa pagpapatupad ng mga polisiya ng pamahalaan?
- Mahila Parishad
  - Women's Coalition
  - Women's Action Forum
  - Liberation Tigers of Tamil Eelam
7. Ang sumusunod ay kampanyang nagtagumpay sa Pakistan sa pangunguna at impluwensiya ng WAF sa Sindhian Tehrik na maalís sa kanilang kultura MALIBAN sa?
- Diborsyo
  - Poligamiya
  - Pagpili sa mapapangasawa
  - Child Marriage o maagang pag-aasawa
8. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapatunay na malaki ang papel na ginampanan ng mga naitatag na samahang pangkababaihan sa mga rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya.
- Dahil sa mga samahang ito nabigyan ng higit na karapatang pampulitika ang mga kababaihan at pagkakataong pamahalaan ang bansa
  - Dahil sa mga samahang ito naging matapang ang mga kababaihan at higit na naging edukado nang mabigyan ng karapatang makapag-aral
  - Ang mga samahang pangkababaihang naitatag ay nagsilbing daan upang makamit ng mga kababaihan ang pantay na pagtingin sa kanila sa lipunan
  - Dahil na rin sa pagkakatatag ng samahan ay nakuha ng kababaihan ang simpatya ng nakararami at ito ang naging daan sa pag-angat ng kanilang ekonomiya.
9. Suriin ang mga pahayag sa ibaba at ayusin ito batay sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa bansang Sri Lanka.
- pagkakataon ang mga kababaihan na ipahayag ang isyu tungkol sa kanila
  - Sumalakay ang militanteng gerilya na nakilala sa tawag na LTTE (Liberation Tigers of Tamil Eelam)
  - Dahil dito, pinalakas ng nahalal na People's Alliance ang Kodigo Penal na may kinalaman sa pang-aabuso sa kababaihan
  - Isa sa mahahalagang samahang pangkababaihan na naitatag ay ang Mother's Front bilang protesta sa pagkawala ng miyembro ng isang pamilya at ikinulong na mga sundalo
- I, II, III, at IV
  - IV, III, II, at I
  - II, IV, I, at III
  - I, III, IV, at II

10. Alin sa mga samahan o kilusan ng mga kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya ang naging aktibo at agresibo sa pakikidigma?
- Bharat Aslam
  - LTTE (Liberation Tigers of Tamil Eelam)
  - UFWR (United Front for Women's Rights)
  - CEDAW (Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women)
11. Ano ang mahalagang papel ng *Women for Peace* na itinatag noong Oktubre 1984 sa Sri Lanka?
- Naging daan sa ratipikasyon ng CEDAW
  - Nagsilbi itong bantay sa militarisasyon sa bansa
  - Isinilang ang Platform Against Sexual Harassment
  - Nagkaroon ng mga partidong pulitikal na nagnomina sa mga kababaihan na tatakbo sa eleksiyon
12. Sino ang reyna ng bansang Jordan na nanguna sa kampanya laban sa pang-aabuso sa mga kababaihan dito?
- Reyna Rania Al-Abdulla
  - Reyna Sarojini Naidu
  - Reyna Sheika Fatima Bint Mubarak
  - Reyna Syed Ahmed Khan
13. Aling mga pahayag ang kabutihang dulot ng pagpapatigil ng *child marriage* o maagang pag-aasawang ipinagkasundo sa mga kababaihan?
- Mababawasan ang kanilang populasyon
  - Hindi sila magsisilbing pabigat sa kanilang magulang
  - Mabibigyan ng sapat na panahon ang mga kabataang kababaihan na makapag-aral pa
  - Maari silang maligtas mula sa panganib na maaring idulot ng maagang pagbubuntis sa kanilang kalusugan
- I at II
  - I at III
  - II at III
  - III at IV
14. Ano ang dahilan ng mga bansa sa Kanlurang Asya kung bakit hindi naging madali ang pagkamit ng mga kababaihan ng kanilang mga karapatan?
- Dahil sa patuloy na sigalot at digmaang nagaganap sa rehiyong Arab
  - Dahil hindi matatag ang mga samahang nabuo at kalauna'y unti-unting nabuwag
  - Dahil sa ang mga samahan sa karapatang pantao sa Kanluran ay napangingibabawan ng mga kalalakihan
  - Dahil marami pa rin sa mga kababaihan dito ay hindi nabigyan ng sapat na edukasyon upang ipagtanggol ang kanilang sarili
15. Anong mga bansa sa Kanlurang Asya ang naniniwala noon na ilegal para sa mga kababaihan ang makilahok sa eleksiyon dahil sa kanilang kasarian?
- Israel at Palestine
  - Jordan at UAE
  - Oman at Qatar
  - Saudi Arabia at Kuwait



## Aralin

# 1

## Mga Samahang Pangkababaihan at mga Kalagayang Panlipunan

Nabanggit natin sa nakaraang aralin ang iba't ibang ideolohiyang ginamit ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya.

Natatandaan mo ba ang mga ito? Halika na, sagutin mo ang mga gawain!



### **Balikan**

Isa-isahin at bigyang kahulugan ang mga ideolohiyang tinalakay sa nakaraang aralin na naging dahilan ng pag-unlad ng nasyonalismo sa Timog at Kanlurang Asya. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.

Ideolohiya	Kahulugan

### **Pamprosesong Tanong**

1. Paano nakatulong ang mga ideolohiyang ito sa pag-unlad ng nasyonalismo sa mga mamamayan ng Timog at Kanlurang Asya?
2. Alin sa mga ideolohiyang tinalakay ang sa iyong palagay ay magagamit mo bilang isang Pilipino?
3. Bakit ito ang iyong napili? Ipaliwanag ang iyong opinyon.



### **Mga Tala para sa Guro**


Naglalaman ang modyul na ito ng mga mungkahing gawain upang malinang ang kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral. Kinapapalooban ito ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng cross word puzzle, graphic organizer, pagsusulat ng maikling sanaysay, picto analysis, Reflective Journal, atbp. Ang bawat gawain sa isang aralin ay nakabatay sa tatlong araw na sesyon. Iminumungkahi na pagyamanin pa ng mga guro ang mga mungkahing gawain at estratehiya batay sa interes at kakayahan ng mga mag-aaral.



## Tuklasin

**Gawain: 4 PICS 1 ONE WORD**

**Panuto:** Suriin ang nasa larawan at isulat sa sagutang papel ang mabubuong salita.



<b>K</b>		<b>R</b>			<b>A</b>	<b>T</b>		<b>N</b>
----------	--	----------	--	--	----------	----------	--	----------

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang nabuo mong salita mula sa mga larawan?
2. Paano nakatulong sa iyo ang mga larawan sa pagbuo ng salita?
3. Ano ang ipinapahiwatig ng bawat larawan?



## **Suriin**

Epekto ng Samahang Kababaihan at ng mga Kalagayang Panlipunan sa Buhay ng Kababaihan Tungo sa Pagkakapantay-pantay, Pagkakataong Pang-ekonomiya, at Karapatang Pampolitika.



### **Mga Kilusang Pangkababaihan**

Ang pagkaka-organisa sa mga samahan ng kababaihan ay naging napakahalaga upang maisulong ang kanilang interes at marinig ang kanilang boses. Sa kasaysayan, minsan na nilang naranasan ang iba't ibang anyo ng pang-aapi at diskriminasyon mula sa lipunan at sa kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng mga kilusang ito, ang pagkakabuo ng mga kilusang pangkababaihan ay naging isang napakahalagang pangyayari sapagkat ito ang naging pangunahing tagapagtaguyod ng kanilang mga karapatan. Ang mga ilang kilusang ito na nabuo sa Timog at Kanlurang Asya ay ating matutunghayan sa araling ito.

### **Timog Asya**



## India



Ang pagkamit ng pantay na pagtingin sa lipunan sa mga kababaihan sa bansang India ay hindi nagiging madali na hanggang sa kasalukuyan ay patuloy pa rin nila itong ipinaglalaman. Sa pagsapit ng ika-19 na siglo, naging aktibo ang mga kababaihan sa bansa sa paglahok sa mga kilusang nagtataguyod ng repormang panlipunan.

### Mga Samahang Naitatag sa Bansang India

Samahan	Layunin/Nagawa	Nagtatag
Bharat Aslam	Ang mga samahang ito ay nakatulong sa kababaihan ipang maisulong ang karapatan sa edukasyon	Keshab Chunder Sen
Arya Mahila		Pandita Ramabai
Bharat Mahila Parishad at Anjuman-e-Khawatin-e-Islam		Amir-un-Nisa
Women's Indian Association	Nangampanya ang mga samahang ito sa mga mambabatas upang makapagdulong ng pagbabago sa pamumuhay ng mga karaniwang kababaihang Indian	
National Council of Indian Women		
All India Women's Conference	Pagtalakay sa mga isyu sa paggawa, rekonstruksiyon ng mga kanayunan, opyo at batas ukol sa bata o maagang pagpapakasal	
All Indian Coordination Committee	Pagbibigay pansin sa mga isyu tulad ng benepisyo sa pagbubuntis, pantay na sahod at mga pasilidad ng day care.	
Women's India Association	Nangampanya upang ang kababaihan ay mabigyan ng karapatang bumoto noong 1919 at taong 1950 ay iginawad sa mga kababaihan ang karapatang bumoto.	Sarojini Naidu

Ang Factories Act ng 1948 ay ipinagbawal ang pagtatrabaho ng kababaihan sa mga delikadong makinarya habang umaandar ang mga ito. Sa pamamagitan nito, nabigyan ng wastong pasilidad na pangkalinisan, day care, at kompulsaryong maternity leave ang mga kababaihan. Nagtalaga naman ang *Mine's Act* of 1952 ng hiwalay na palikuran para sa lalaki at babae. Ginawang legal ng Hindu Marriage Act of 1955 ang diborsyo.

## Pakistan, Sri Lanka, at Bangladesh

Mga Hakbang sa Pagsulong ng Karapatan	Mga Nanguna o namuno
Bunga ng pakikipaglaban sa mga mananakop bago ang 1947 sa Pakistan, ang mga kababaihang Muslim ay naging aktibo sa paghingi ng pagbabago sa edukasyon. Naging aktiboo rin sila sa Kilusang Khilafat bilang suporta kay Turkish Khilafat na naging simbolo ng pagkakaisa ng mga Muslim	Syed Ahmed Khan  Turkish Khilafat
Sa pamamagitan ng Saligang Batas ng 1973, nagkamit ng pantay na karapatan sa kababaihan, kasama na rin ang paglalaan ng sampung posisyon para sa mga kababaihan sa National Assembly at sampung bahagdan (10%) sa Asembleang Panlalawigan. Ang kababaihan ay nahirang sa matataas na posisyon sa pamahalaan.	Zulfiqar Ali Bhutto
Pagkatapos ng halalan ng 1988, isinilang ng WAF o Women's Action Forum ang kanilang Charter Demands na kung saan ay inilahad nila ang isang komprehensibong programang pulitikal para sa mga kababaihan. Dahil sa impluwensiya ng WAF, ang Sindhian Tehrik, isang partido pulitikal sa Sindh ay nagtagumpay sa kanilang kampanya laban sa maagang pag-aasawa (child marriage) at poligamya, gayundin ang karapatan ng kababaihan sa pagpili at pagpayag sa mapapangasawa.	Women's Action Forum

Ang bansang Pakistan ay maituturing na isang bansa na labis ang pagpapahalaga sa mga kalalakhian at ang mga kababaihan ay may malaking bahaging ginagampanan sa pamilya. Ilan dito ay ang mga gawaing bahay at pagtuturo sa mga kabataang kababaihan sa mga gawaing ito. May mga iilang kababaihan rin ang nakakapag aral ngunit ito ay kadalasang nasa mga siyudad lamang.

### Sri Lanka

Ang kababaihan sa Sri Lanka ay katulad rin ng ibang bansa sa Asya na karaniwang nasa mga loob lamang ng tahanan. Hindi gaanong nakalalahok sa pulitika. Kaalinsabay ng patuloy na digmaang sibil ay ang patuloy na paglabag sa mga karapatan ng kababaihan. Pumapangalawa lamang sila sa mga kalalakhian pagdating sa papel na ginagampanan sa sistemang pulitikal.

Noong halalan ng 1994, nagkaroon ng pagkakataon ang mga kababaihan na ipahayag ang mga isyu tungkol sa kanila. Ang mga isyung ito ay may kinalaman sa mga karahasang nagaganap laban sa kanila. Hiniling nila ang mga partidong pulitikal na magnomina ng mas maraming kababaihan na tatakbo sa eleksyon at isama sa kanilang plataporma ang mga isyung kinakaharap ng mga ito.

<b>Mga Hakbang sa Pagsulong ng Karapatan</b>	<b>Mga Nanguna o namuno</b>
Pagpapalakas sa nahalal na People's Alliance upang mawakasan ang pang-aabuso sa kababaihan at pagbabago sa batas na may kinalaman sa panggagahasa at sexual harassment. Hinirang din ang tatlong kababaihang ministro at apat na deputy ministers sa gabinete.	People's Alliance
Samahang aktibo sa pagtataguyod ng partisipasyon ng mga kababaihan sa pulitika	Women's NGO Forum
Itinatag ang samahang ito noong 1976 upang maisulong ang isang malayang estado ng Tamil sa Sri Lanka. Naging aktibo rin sila sa pakikipagdigma tulad ng kalalakihan. Para sa kanila, ang kapakanan ng bansa ang dapat manguna bago ang lahat. Ipinakita ng mga kababaihan sa kanilang pagsanib sa LTTE ang pagsuway sa kapangyarihan ng kalalakihan.	LTTE (Liberation Tigers of Tamil Eelam)
Naging aktibo ang samahang ito sa iba't iba pang mga samahang nagtatanggol ng mga karapatang pantao at karapatang sibil hindi lamang ng mga kababaihan kung hindi para lahat ng mga nakararanas ng hindi pantay na karapatan sa lipunan.	Women for Peace

Simula noong makamit nila ang kalayaan ay maraming mga kababaihan ang makapag-aral sa mga paaralan at unibersidad na kalaunan ay mga naging propesyunal at patuloy na isinusulong ang pantay na karapatan sa mga kalalakihan.

## **Bangladesh**

Katulad ng ibang bansang nabanggit sa rehiyon ng Timog Asya, ang mga kababaihan sa Bangladesh ay gaya rin ng mga tradisyunal na kababaihang nasa loob lamang ng mga tahanan at nagtatrabaho ng mga gawaing bahay.

<b>Mga Hakbang sa Pagsulong ng Karapatan</b>	<b>Mga Nanguna o namuno</b>
Ito ang itinuturing na pinakamalaking samahan ng kababaihan sa bansa. Naimpluwensiyahan nito ang pagpapatupad ng mga polisiya sa pamahalaan kabilang ang kampanya na sumuporta sa pagsasabatas ng pagbabawal ng pagbibigay ng dote at ratipikasyon ng CEDAW (Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women).	Mahila Parishad
Samahang pumigil sa anumang uri ng karahasan sa kababaihan. Isinilang din ang Platform Against Sexual Harassment.	Collective Women's Platform

Hiniling ng grupo ang ratipikasyon ng CEDAW, magkakaparehong Kodigo Sibil, at dagdag sa kota ng kababaihan sa Serbisyo Sibil.

United Women's Forum

Sa mga siyudad ang mga kababaihan ay nakararanas ng higit na kalayaan kumpara sa mga malalayo dito. Mas mataas ang bilang ng mga kababaihang nag-aaral sa mga paaralan, kolehiyo at mga unibersidad at nabibigyan ng pantay na karapatan. Dumarami rin ang mga kababaihang nakapagtatrabaho sa labas ng kanilang mga tahanan.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Isa-isahin ang mga diskriminasyong naranasan ng mga kababaihan sa Timog Asya.
2. Ano ang mga samahang kababaihan ang nabuo at nagtaguyod upang makamit nila ang kanilang mga karapatan?
3. Ano ang naging bunga ng pagkamit ng mga kababaihan sa hinangad nilang pagkakapantay-pantay sa lipunan?
4. Sang-ayon ka ba sa mga naging hakbang ng bawat samahan upang isulong ang kanilang karapatan? Oo o Hindi? Ipaliwanag ang iyong opinion.

**Kanlurang Asya**

Sa kasalukuyan, ang mga kababaihan sa Kanlurang Asya ay patuloy na kinakaharap ang hamon na higit na paigtingin ang mga pagkilos upang matiyak at makamit ang pagkakaroon ng pantay na karapatan para sa kalalakihan at kababaihan.

Ang samahan ng kababaihan ay kumikilos sa tatlong lebel sa rehiyong ito:

1. Imulat ang kababaihan sa kanilang bansa tungkol sa hindi pagbibigay ng pantay na karapatan ng kanilang pamahalaan;
2. Hilingin sa pamahalaang nasyunal ang implementasyon ng internasyunal na pagpapatupad sa pagbibigay proteksyon sa kababaihan sa lahat ng larangan;
3. Ipaunawa sa mga bansa sa daigdig na ang kababaihan sa Kanlurang Asya ay hindi lamang naghihintay sa mga Kanluraning bansa upang sila ay sagipin, sa halip ipaunawa na sila ay kababaihang nakikipaglaban para sa kanilang karapatan kagaya rin ng ibang kababaihan. Na sila rin ay kumikilos laban sa di-makatarungang patakaran dulot ng sistemang patriyarkal at ng kanilang kasaysayan.

## Arab Region



Ang rehiyong ito ay binubuo ng mga bansang Bahrain, Egypt, Iraq, Jordan, Kuwait, Lebanon, Oman, Palestinian Territories, Qatar, Saudi Arabia, Syria, United Arab Emirates, at Yemen.

### Kalagayan ng mga Kababaihan sa Arab Region

- Ang mga kababaihan ay hindi pinapayagang lumabas sa mga pampublikong lugar na hindi suot ang kanilang tradisyunal na kasuotan o burkah.
- Sa pulitika at paghahanapbuhay ng kababaihan hindi ito halos nagbago.
- Sa bansang Kuwait at Saudi Arabia, ilegal para sa kababaihan ang makilahok sa eleksyon dahil sa kanilang kasarian.
- Hindi pa rin tanggap ang ideya ng pagpapalaganap sa mga karapatang pantao, noong 1982, pagkatapos ng pagpupulong ng mga grupo ng civil society na ginanap sa Cyprus, unti-unting tinanggap ng mga pamahalaang lokal at rehiyonal ang mga adbokasiya ng mga nangangalaga sa karapatang pantao, kabilang dito ang mga samahang kababaihan sa Israel.
- Sa pamamagitan ng Isha L'isha-Haifa Feminist Center, pinangunahan nila ang implementasyon ng Security Council Resolution 1325. Hinikayat nila ang kababaihan na makilahok sa negosasyon at talakayan tungkol sa sigalot sa pagitan ng Israel at Palestine. Sa pamamagitan nito, naipamumulat ang epekto ng sigalot lalo na sa kababaihan at kung paano nila maipagtatanggol ang kanilang karapatan.
- Ang mga samahan sa karapatang pantao sa Kanluran ay napangingibabawan ng mga kalalakihan ngunit ang mga samahan ng kababaihan ay unti-unti ng kinikilala.
- May ilang mga NGO na humingi ng mga pagbabago na mangangalaga sa pagbibigay ng pantay na karapatan sa mga babae, gayundin ang pagbibigay ng pagkakataon na makilahok sa pulitika at sosyo-ekonomik na kapangyarihan.



<b>Mga Hakbang sa Pagsulong ng Karapatan</b>	<b>Mga Nanguna o namuno</b>
Ang kababaihan sa Bahrain, Omar, at Qatar ay nagtagumpay na magkaroon ng karapatang bumoto sa loob ng sampung taong pakikibaka.	
Ang kababaihan naman sa Egypt at Jordan ay nabigyan ng karapatan sa diborsyo	
Sa mga kababaihan sa Bahrain, Egypt, at Lebanon ay naibigay ang karapatan bilang mamamayan	
Pinangunahan ng isang reyna sa Jordan ang kampanya laban sa pang-aabuso sa kababaihan	Reyna Rania Al- Abdulla
Isinulong ang kampanya sa Egypt na baguhin ang batas pampamilya at pagbabawal sa pagkapon sa mga kababaihan	Susan Mubarak
Pagbibigay ng karapatan na makapag-aral sa kolehiyo at magkaroon ng karapatang ekonomiko o pangkabuhayan ang kababaihan naman ang ipinaglaban sa bansang UAE.	Sheikha Fatima Bint Mubarak
Isang pangrehiyong network ang isinulong noong 2000 upang gisingin ang kamalayan ng kababaihan tungkol sa kanilang dapat na taglaying mga karapatan. Ito ay sa pamamagitan ng pagkilos ng kababaihan sa Egypt, Jordan, Lebanon, Palestine, Qatar, UAE, at Yemen.	Arab Women Connect

Ang mga samahang kababaihan na ito ay maituturing na malaki ang kapasidad upang maimulat ang publiko sa mga kontrobersyal na isyu ay nagkaroon ng pagbabago lalo na sa mga isyu tungkol sa diskriminasyon sa kababaihan at pambubugbog at pananakot sa asawa maliban na lamang sa mga bansang Kuwait, Oman, Saudi Arabia, at Syria. Ang kababaihan sa rehiyon ng Kanlurang Asya ay patuloy at aktibong nakikilahok sa pulitika, gayundin sa isyu ng pagkakaroon ng kapayapaan at seguridad sa rehiyon.

### **Gawain: Sa ulap ang sagot!**

**Panuto:** Dugtungan ang hindi tapos na pangungusap sa loob ng ulap upang makabuo ng isang maikling konklusyon tungkol sa mga hakbang na ginawa ng mga kababaihan sa Kanlurang Asya upang makamit ang kanilang mga ipinaglalaman. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.

Ang mga hakbang na ginawa ng mga kababaihan sa Kanlurang Asya upang kilalanin ang kanilang mga karapatan ay


---

---

---

---


---



## ***Pagyamanin***


### **Gawain 1: Klaster Web**

**Panuto:** Sa bawat bilog, isulat ang ambag ng kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.



**Gawain 2: Punan Natin ng Sagot!**

**Panuto:** Isulat sa hanay ng  ang mga naranasang diskriminasyon ng mga kababaihan at sa hanay ng  ang mga karapatang napagtagumpayang naisulong sa bawat bansa ng Timog at Kanlurang Asya.



**Gawain 3: Pagpupuno sa Tsart**


**Panuto:** Punan ang hinihingi ng tsart sa ibaba. Isulat sa hiwalay na sagutang papel ang sagot.

Rehiyon	Kalagayang Panlipunan	Samahang Kababaihan	Tagapagtatag/ Pinuno	Layunin
A. Timog Asya 1. India 2. Pakistan 3. Sri Lanka 4. Bangladesh				
B. Kanlurang Asya 1. Arab Region				





## Isaisip


**Panuto:** Isulat sa sagutang papel ang mga naging epekto ng pagkatatag ng samahang pangkababaihan sa Timog at Kanlurang Asya.




**Panuto:** Mula sa paksang tinalakay, isulat ang iyong sagot sa sa sagutang papel.

Ang aking mga natutuhan 

Mga kaisipang aking kinawilihan sa paksa 


Mga nais ko pang itanong 



## Isagawa

### Gawain 1: Mind Mapping

**Panuto:** Sa loob ng mga bilog ay isulat ang mga karahasan at diskriminasyong naranasan ng mga kababaihan. Ihanay ito kung ang pang aabusong ito ay nagaganap sa pamilya, lipunan at sa trabaho o opisina. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.



### Gawain 2: Panukala Itala Mo

**Panuto:** Mula sa iyong sagot sa itaas gumawa ng isang panukala na tutugon sa pang-aabusong nararanasan ng mga kababaihan sa iba't ibang aspeto ng ating lipunan. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.

**Ang Aking Mga Panukala**


### Gawain 3 : SUPER BINIBINING ASYANO

**Panuto:** Gumuhit ng isang babaeng *superhero* na ang pangalan ay *Super Binibining Asyano*. Ang kanyang kasuotan ay dapat nagpapakita ng natatanging *superpower* o mga kapangyarihang taglay ng isang babaeng Asyano. Sa gilid ng iginuhit ay isulat ang mga *super powers* nito (magbigay lamang ng lima) na maari niyang magamit upang isulong ang karapatang pantao, pagkakapantay-pantay, at pag-unlad ng kalagayang panlipunan. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.

Halimbawa:



Ang kanyang kapangyarihan ay ang kanyang talino na maaari niyang magamit upang mapaunlad ang sarili, pamilya, at lipunan. Sa tulong ng kapangyarihan niya ay malaki ang posibilidad na uunlad ang kaniyang bansa.



### Tayahin

Sa pagtatapos ng aralin, sagutan mo ang sumusunod na tanong upang malaman mo kung hanggang saan ang iyong natutunan.

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na tanong at isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Anong taon nagkaroon ng pagkakataon ang mga kababaihan na ipahayag ang mga isyu tungkol sa kanila sa bansang Sri Lanka?  
A. 1992  
B. 1993  
C. 1994  
D. 1995

2. Ano ang mga nagsilbing balakid sa mga kababaihan ng Arab Region upang hindi marinig ang kanilang mga hinaing?
  - A. Naging balakid ang patuloy na digmaan na nagaganap sa pagitan ng Israel at Palestine
  - B. Dahil sa mga pisikal na kakayahan sa isang babae na naglilimita sa kanyang mga kayang gawin
  - C. Nagsilbing balakid rito ang kanilang relihiyon, kultura at mga paniniwala dahil masangat sa lipunan ang mga kalalakihan
  - D. Dahil karamihan sa mga kababaihan doon ay tanggap na ang kanilang katayuan at ayaw nang makilahok sa mga samahan
  
3. Paano nakamit ng mga kababaihan sa bansang Bangladesh ang kanilang mga karapatang ipinaglaban?
  - A. Ginamit ang ilang mga kabataang biktima ng child marriage upang makamit ang kanilang ipinaglaban
  - B. Hinikayat nila ang mga samahan sa karatig- bansa lalo na sa India na makiisa sa mga kilusan
  - C. Katulad ng LTTE ng Sri Lanka, sila ay naging aktibo sa pakikipaglaban at pakikidigma para sa kanilang karapatan
  - D. Naimpluwensiyahan ng samahan ang kanilang pamahalaan lalo na sa pagpapatupad nito ng mga polisiya kabilang ang pagbabawal ng ilang mga nakagawiang tradisyon
  
4. Alin sa sumusunod na mga karapatan ang ipinaglaban ng mga kababaihan sa bansang India?
  - I. Maternity Leave
  - II. Pantay na sahod
  - III. Mga pasilidad ng *day care*
  - IV. Hiwalay na Palikuran sa mga babae at lalaki

A. I, II, at III	C. I, III, at IV
B. I, II, at IV	D. I, II, III, IV
  
5. Sa pamamagitan ng Saligang Batas ng 1973 ng Pakistan, nabigyan ang mga kababaihan ng pantay na karapatan sa pulitika. Alin sa sumusunod ang naging bunga nito?
  - A. Nailunsad ang Arab Women Connect
  - B. Ginawang legal ang Hindu Marriage Act ng 1955 ang diborsyo
  - C. Nakapagtatag ng maraming partidong pulitikal para sa mga kababaihan
  - D. Nahirang ang mga kababaihan sa matataas na posisyon sa pamahalaan
  
6. Ano ang itinuturing na pinakamalaking samahan ng kababaihan sa bansang Bangladesh na labis na nakaimpluwensiya sa pagpapatupad ng mga polisiya ng pamahalaan?
  - A. Mahila Parishad
  - B. Women's Coalition
  - C. Women's Action Forum
  - D. Liberation Tigers of Tamil Eelam

7. Ang sumusunod ay kampanyang nagtagumpay sa Pakistan sa pangunguna at impluwesya ng WAF sa Sindhian Tehrik na maalís sa kanilang kultura MALIBAN sa?
- Diborsyo
  - Poligamya
  - Pagpili sa mapapangasawa
  - Child Marriage* o maagang pag-aasawa
8. Alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapatunay na malaki ang papel na ginampanan ng mga naitatag na samahang pangkababaihan sa mga rehiyon ng Timog at Kanlurang Asya.
- Dahil sa mga samahang ito nabigyan ng higit na karapatang pampulitika ang mga kababaihan at pagkakataong pamahalaan ang bansa
  - Dahil sa mga samahang ito naging matapang ang mga kababaihan at higit na naging edukado nang mabigyan ng karapatang makapag-aral
  - Ang mga samahang pangkababaihang naitatag ay nagsilbing daan upang makamit ng mga kababaihan ang pantay na pagtingin sa kanila sa lipunan
  - Dahil na rin sa pagkakatatag ng samahan ay nakuha ng kababaihan ang simpatya ng nakararami at ito ang naging daan sa pag-angat ng kanilang ekonomiya.
9. Suriin ang mga pahayag sa ibaba at ayusin ito batay sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa bansang Sri Lanka.
- pagkakataon ang mga kababaihan na ipahayag ang isyu tungkol sa kanila
  - Sumalakay ang militanteng gerilya na nakilala sa tawag na LTTE (Liberation Tigers of Tamil Eelam)
  - Dahil dito, pinalakas ng nahalal na People's Alliance ang Kodigo Penal na may kinalaman sa pang-aabuso sa kababaihan
  - Isa sa mahahalagang samahang pangkababaihan na naitatag ay ang Mother's Front bilang protesta sa pagkawala ng miyembro ng isang pamilya at ikinulong na mga sundalo
- I, II, III, at IV
  - IV, III, II, at I
  - II, IV, I, at III
  - I, III, IV, at II
10. Alin sa mga samahan o kilusan ng mga kababaihan sa Timog at Kanlurang Asya ang naging aktibo at agresibo sa pakikidigma?
- Bharat Aslam
  - LTTE (Liberation Tigers of Tamil Eelam)
  - UFWR (United Front for Women's Rights)
  - CEDAW (Convention on the Elimination of All Forms of Discrimination Against Women)
11. Ano ang mahalagang papel ng *Women for Peace* na itinatag noong Oktubre 1984 sa Sri Lanka?
- Naging daan sa ratipikasyon ng CEDAW
  - Nagsilbi itong bantay sa militarisasyon sa bansa
  - Isinilang ang Platform Against Sexual Harassment
  - Nagkaroon ng mga partidong pulitikal na nagnomina sa mga kababaihan na tatakbo sa eleksiyon



12. Sino ang reyna ng bansang Jordan na nanguna sa kampanya laban sa pang-aabuso sa mga kababaihan dito?
- Reyna Rania Al-Abdulla
  - Reyna Sarojini Naidu
  - Reyna Sheika Fatima Bint Mubarak
  - Reyna Syed Ahmed Khan
13. Aling mga pahayag ang kabutihang dulot ng pagpapatigil ng *child marriage* o maagang pag-aasawang ipinagkasundo sa mga kababaihan?
- Mababawasan ang kanilang populasyon
  - Hindi sila magsisilbing pabigat sa kanilang magulang
  - Mabibigyan ng sapat na panahon ang mga kabataang kababaihan na makapag-aral pa
  - Maari silang maligtas mula sa panganib na maaring idulot ng maagang pagbubuntis sa kanilang kalusugan
- I at II
  - I at III
  - II at III
  - III at IV
14. Ano ang dahilan ng mga bansa sa Kanlurang Asya kung bakit hindi naging madali ang pagkamit ng mga kababaihan ng kanilang mga karapatan?
- Dahil sa patuloy na sigalot at digmaang nagaganap sa rehiyong Arab
  - Dahil hindi matatag ang mga samahang nabuo at kalauna'y unti-unting nabuwag
  - Dahil sa ang mga samahan sa karapatang pantao sa Kanluran ay napangingibabawan ng mga kalalakihan
  - Dahil marami pa rin sa mga kababaihan dito ay hindi nabigyan ng sapat na edukasyon upang ipagtanggol ang kanilang sarili
15. Anong mga bansa sa Kanlurang Asya ang naniniwala noon na ilegal para sa mga kababaihan ang makilahok sa eleksiyon dahil sa kanilang kasarian?
- Israel at Palestine
  - Jordan at UAE
  - Oman at Qatar
  - Saudi Arabia at Kuwait



## Karagdagang Gawain

### Gawain: Itala Mo


**Panuto:** Mula sa paksang tinalakay, magtala ng lima (5) na mga kaparehong kalagayan sa lipunan na naranasan ng kababaihan sa Pilipinas. Magbigay din ng isa o dalawang samahang pangkababaihang alam mo at mga programa ng mga ito para sa mga kababaihan.

Mga Kaparehong Kalagayan sa Pilipinas

- 
- 
- 
- 
- 

Mga samahang Pangkababaihan sa Pilipinas

- 
-



# Susi sa Pagwawasto

- SUBUKIN AT TAYAHIN**
1. C
  2. C
  3. D
  4. D
  5. D
  6. A
  7. A
  8. C
  9. C
  10. B
  11. B
  12. A
  13. B
  14. D
  15. D

**GABAY SA PAGWAWASTO SA TUKLASIN**

K A R A P A T A N

**ISAISIP**  
**Mga Epekto ng Samahang Pangkababaihan**

Pagkakapanatay pantay	Pang-ekonomiya	Karapatang Pampulitika
*Pagkilala sa karapatang pantao ng mga karapatang aabuso sa tahanan at trabaho	*pantay na sahod at mga benepisyo	*pagbibigay ng mga posisyon sa pamahalaan sa mga kababaihan
*pagbibigay ng batas na sa kababaihan at mga bata	*karapatang makilahok sa ginawang pang-ekonomiya at paghanapbuhay	*karapatang magbuo ng mga karapatang bumoto
laban sa mga pang-aabuso sa tahanan at trabaho	*karapatang magbuo ng mga karapatang bumoto	*karapatang magbuo ng mga karapatang bumoto
karapatang magpahayag ng mga damdamin sa mga isyung pangkapayapaan at seguridad ng bansa	karapatang magpahayag ng mga damdamin sa mga isyung pangkapayapaan at seguridad ng bansa	karapatang magpahayag ng mga damdamin sa mga isyung pangkapayapaan at seguridad ng bansa

**PAGYAMANIN**  
**Gawain 1: Cluster Web**

1. Pagbibigay ng karapatan sa mga kababaihang bumoto o Right to Suffrage
2. Pagpapatalak sa mga abusadong pinuno
3. Patas na oportunidad sa edukasyon
4. Karapatang humawak ng posisyon sa pamahalaan
5. Patas na karapatan sa trabaho o hanapbuhay
6. Pagkakataron ng maternity leave

Mga iba pang posibleng sagot

- Pagkakataron ng mga batas laban sa pang-aabuso at sexual harassment
- Pag-alis ng child marriage
- Pagkakataron ng hawalay na palikuran ng mga babae sa India

**Gawain 2**

Bansa	-	+	
India	*maagan pag-aasawa *child labor *hindi pantay na sahod at oras ng trabaho sa kababaihan	*batas ukol sa bata o maagan pagpapalakasal *benepisyo sa pagbuunntis, pantay na sahod, mga pasilidad ng day care at maternity leave	
Pakistan	*walang partisipasyon sa pamahalaan *maagan pag-aasawa, poligamya	*sa pamamagitan ng samahan ay nagkaroon ng posisyon ang mga kababaihan sa National Assembly at Asamblyang panlalawigan *batas laban sa maagan pag-aasawa, poligamya *karapatang pumili ng mapangasawa	
Sri Lanka	*sexual harassment, panggagahasang at iba pang pang-aabuso.	*nagkaroon ang mga kababaihan na ipahayag ang isyu tungkol sa kanila at pagkakataron ng batas laban sa mga pang-aabuso *nagkaroon ng malalakas na samahan at kilusang ang kababaihan sa kanilang bansa.	
Arab Region	*Walang partisipasyon sa pulitika *legal ang makilahok sa eleksiyon *hindi pagkilala sa karapatang pantao ng mga kababaihan	*sa pangunguna ng ilang mga NGO ay napatinig ang mga himinging karapatan ng mga kababaihan sa rehiyon *may mga kilalang pinuno at personalidad ang patuloy na sumusunong ng karapatang pangkababaihan sa rehiyon	

# **Sanggunian**

## **Modyul**

Blando, R C., Sebastian A.A., Espiritu A.C., Golveque E.C., JamoraA.M., Capua R.R., Victor S.A., Balgos S.I., Del Rosario, A.F. at Mariano, R.F. (2014) *ASYA: Pagkakaisa sa gitna ng pagkakaiba, Araling Panlipunan*: Modyul para sa Mag-aaral. Pasig City.

## **Encyclopedia**

Collier P.F. Collier's Encyclopedia .P.F Collier & Son Limited. 866 Third Avenue New York. N.Y.10022.1994. Vol 3, P.556

Collier P.F. Collier's Encyclopedia .P.F Collier & Son Limited. 866 Third Avenue New York. N.Y.10022.1994. Vol 18, P.346

Collier P.F. Collier's Encyclopedia .P.F Collier & Son Limited. 866 Third Avenue New York. N.Y.10022.1994. Vol 21, P.454-474

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)